**Ang usapin ng "distinct but not separate"**
**sa paglilinaw sa wastong relasyon ng Partido at BHB**

Tinututulan at kinukutya ng mga paksyunalista sa GL ang paglilinaw ng KTKS sa saligang relasyon ng Partido at BHB na ang "Partido at ang BHB ay may magkaibang organisasyon at mga tungkulin pero sila ay di-mapaghihiwalay at nagsasaligan, kung saan ang Partido ang gumagampan ng prinsipal na papel, at ang BHB, ng segundaryong papel."

Sinasalungat nila ang saligang prinsipyo sa relasyon ng Partido at BHB sa pamamagitan ng simpleng pagbalewala o di pagkilala dito dahil walang karapatan at kapangyarihan diumano ang KTKS na gumawa ng gayong paglilinaw. At wala daw matatagpuang gayong pormulasyon sa mga saligang dokumento ng Partido at maging sa mga dokumento ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral.

Upang udyukan ang mga kadre at kasapi ng Partido sa GL laban sa nasabing paglilinaw ng KTKS, demagohikong pinalilitaw nila na ang prinsipyong ito ay nangangahulugan ng pagtatakwil sa semiligal na estilo ng pagkilos at paglusaw sa mga semiligal na tim sa GL.

Pinalalabo nila ang usapin sa absolutong pamumuno ng Partido sa BHB at kaugnay na usapin ng "distinct but not separate"dahil gusto nilang panatilihin ang militaristang konsepto ng linyang SCO sa pagbubuo ng BHB (buong-panahong yunit na panlaban, magkahiwalay na makinarya ng Partido at hukbo na may "sariling dinamismo").

Dapat linawin sa lahat ng kadre at kasapi ng Partido sa GL ang sumusunod:

1. Ang usapin ng "distinct but not separate" sa relasyon ng Partido at BHB ay karugtong at bahagi ng prinsipyo ng absolutong pamumuno ng Partido sa BHB.

Ang usapin ng "distinct but not separate…" ay nilinaw ng Partido upang iwaksi at labanan ang konsepto ng "separate machinery and separate dynamism"sa relasyon ng Partido, sa isang panig, at ng NDF, NDUGMOs at hukbong bayan, sa kabila, na humantong sa tahasang likidasyunistang linya sa nakaraan. Ang huli ay itinulak ng mga populistang burges at rebisyunistang taksil para ilimita ang pamumuno ng Partido sa gawain sa ideolohiya at organisasyon at ipaubaya ang pamumuno sa pulitika at militar sa NDF, mga samahang masa at hukbo. Ang pamumuno ng Partido ay pinalitaw na salungat sa saligan sa pagpapalawak ng NDF at nagkakaisang

prente, at sumisira sa “dinamismo” at pagpapalakas ng kilusang masa at hukbong bayan. Sa loob ng hukbo, ito ay nagtulak ng paglusaw sa kolektibong buhay ng Partido (“pagbubulsa sa Partido”) at makaisang-panig na pagpapalakas sa awtoridad ng mga indibidwal na kumander. Itinulak din nito ang paglampas/pag-ikot/pagsagasa sa mga teritoryal na komite ng Partido kaakibat ng bertikalisasyon ng istruktura at daloy ng kumand sa loob ng hukbo.

2. Ang pagwawasto ng maling konsepto ng hiwalay na makinarya ng teritoryo at hukbo sa mga larangang gerilya ay kunektado pero bukod sa nabanggit na usapin sa relasyon ng Partido at hukbo. Tungkol ito sa mga anyo ng organisasyon at kabuuang disposisyon ng hukbo na akma sa malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya laluna sa kasalukuyang yugto ng pagpapanibagong-lakas at pagpapanibagong-sigla. Tinutumbok nito ang sumusunod na mga maling konsepto at patakaran sa nakaraan na kung tutuusi’y mas kaugnay ng tendensyang lantay militar: hukbong itinatransporma ang sarili bilang makinaryang lumilibre o nagbabawas ng partisipasyon sa gawaing masa para mag-ispesyalisa sa paglaban; wala sa panahon at hindi masusustining bertikalisasyon ng hukbo (papataas na antas ng konsentrasyon ng armadong pwersa, pagbabalak at koordinasyon ng mga kampanya); pagpapahina at pagpapabaya sa gawaing masa sa mga batayang antas habang tumataas ang antas ng pagpapaigting sa pakikidigma, kaakibat ang paglubha ng problema sa burukratismo sa mga lokal na komite ng Partido; pagpapahina at pagpapabaya hanggang sa tuluyang pagsaid sa armadong pwersa at kakayahang militar sa mga lokalidad, kaakibat ang paglitaw ng problema sa kawalan ng kaalaman at kakayahan sa gawaing militar, absolutong pagkakahiwa-hiwalay at labis na kabuhaghagan (“sibilyanisasyon”) ng mga lokal na komite ng Partido at pwersa sa mga seksyon at distrito; at transpormasyon ng mga larangang gerilya ayon sa militaristang konsepto ng sona ng digma na paglulunsaran ng mga labanan at tuluy-tuloy na pagpapaigtingan ng mga labanan nang walang karampatang pagsasaalang-alang sa mga kunsiderasyong bukod sa militar.

3. Ang naging suliranin ng “sibilyanisasyon” ng mga lokal na komite ng Partido sa seksyon at distrito ay produkto ng konsepto ng hiwalay na makinarya ng teritoryo at hukbo. Ang mga komite sa seksyon at distrito na nahiwalay sa mga yunit ng hukbo ay nahirati sa modang semiligal at nawalan ng kakayahang magmaniobra at magtanggol sa sarili sa harap ng matinding militarisasyon ng kaaway. Nawala pati ang kakayahan nilang ipatupad ang rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika laban sa mga pusakal na kontrarebolusyonaryo sa kanilang saklaw.

Panlilito at demagohiko ang tangka ng mga paksyunalista sa GL na sobrang

pasimplehin ang pagtutuwid sa konsepto ng hiwalay na makinarya ng teritoryo at hukbo at palitawing ito ay pagsisi sa "S-L bilang dahilan ng problema sa sibiliyanisasyon" at patakaran ng "pagbura sa S-L".

Matagal na nating ginagamit ang mga pangkat ng mga kadre at aktibista na walang armas o naaarmasan ng maikli na pansamantalang ihinihiwalay sa yunit ng hukbo. Malawak din ang mga karanasan natin sa mga pangkat ng mga kadre at aktibista na walang armas o naaarmasan ng maikli na nagsasarili at umaasiko ng mga gawain sa mga lokalidad. Napatunayan nating epektibo ang mga ito laluna sa mabilis na pagpapalawak sa mga lugar na malayo sa kaaway o mahina ang kaaway. Patuloy na may gamit ang mga ito. Pero habang mas umiigting ang agawan natin at ng kaaway sa mga lokalidad, napatunayang pinakamabisa, sa kabuuan, ang mga yunit ng hukbo na pangunahing umaasa at gumagamit ng mga taktikang gerilya ng pagtitipon, paghihiwahiwalay at paglipat para pangalagaan ang pwersa, labanan ang kaaway at pagpursigihan ang lahatang-panig na pagsusulong ng mga gawain. Sekundaryo at kumplementaryo dito, sa kabuuan, ang mga pangkat ng mga kadre at aktibista na walang armas o naaarmasan ng maikli na pangunahing umaasa sa mga pamamaraan ng lihim na pagkilos.

Isang paraan ding ginagamit sa pagbubukas o paghahanda ng sonang gerilya ang mga semiligal na pangkat. Subalit natatransporma silang bag-as ng komite sa teritoryo o panimulang yunit ng hukbo kapag maaari nang buksan ang sonang gerilya.

4. Ang mga buong panahong pwersa sa mga larangang gerilya ay itinuturing na mga kasapi at yunit ng BHB. Dapat silang bigyan ng saligang kaalaman at kasanayan sa mga prinsipyo at taktikang gerilya at idispusisyon alinsunod sa pangangailangan ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa patuloy na lumalalim at lumalalim na baseng masa.

Ang mga buong-panahong pwersa sa mga larangang gerilya ay maaaring nasa pormasyong gerilya o nakahiwalay na mga tim ng mga kadre o pwersang semiligal na pana-panahong binubuo para sa mga partikular na gawaing itinatakda ng komite sa teritoryo at kumand ng hukbo sa erya.

Dahil patuloy na ipinagpapalagay ng mga paksyunalista na gawaing militar ang tanging gawain ng BHB (o di kaya'y sinasabing gawaing prinsipal pero alisunod sa militaristang konsepto ng linyang SCO: prinsipal sa lahat ng sitwasyon at pagkakataon pagkatapos makalampas sa maagang subyugto ng estratehikong depensiba)—itinuturing nilang pangkombat lamang ang mga tauhan ng BHB. Itinatatwa nila ang iba pang gawain ng hukbo kaugnay ng gawaing masa, produksyon, medikal, kultural, atbp.

5. Ang mga komite sa teritoryo sa antas ng seksyon at distrito ay nakabase sa mga yunit ng hukbo sa kanilang lokalidad. Pangunahing pwersa ng mga komite ng Partido sa lokalidad ang mga yunit ng BHB para sa pagsusulong ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa.

Depende sa antas ng pag-unlad ng mga pwersa at gawain, ang komite ng Partido sa teritoryo ay maaaring dumaan sa  iba't ibang yugto ng pag-unlad. Sa mga lugar na bago pa lamang pinauunlad, ang komiteng tagapagpaganap ng sangay ng Partido sa platun ay tumatayo ring komite sa seksyon. Habang umuunlad ang mga sangay sa mga baryo, nakapagpapalitaw at nakapagsasanay ng mga kadre para sa antas ng seksyon, nabubuo ang komite sa seksyon nang hiwalay sa komiteng tagapagpaganap ng sangay ng Partido sa platun. Gayunman, nananatiling ang bag-as ng komite sa seksyon ay nakabase sa KT ng sangay sa platun.

KTKS
Hunyo 30, 1997